3 general hospital sa QC

Balita · 16 May 2019 · 3 · Jun Fabon

Tatlo na ang general hospital ng gobyerno sa Quezon City, iniulat ng Department of Health (DoH) kahapon.

Ang mga ito ay ang Quezon City General Hospital (QCGH), Novaliches District General Hospital (NDGH), at ang bagong Rosario Maclang Bautista General Hospital (RMBGH) na pinasinayaan ni Mayor Herbert Bautista kamakalawa ng hapon sa IBP Road, Barangay Batasan Hills.

Ang RMBGH ay may 150 kama at nagbibigayserbisyo sa mga out patient. Ang three –floor level 2 hospital ay kumpleto sa pasilidad, ayon sa hepe ng ospital na si Dr. Richard Cabotaje.

“We now have trauma care, meaning we are ready for immediate care for injured patients. We have emergency medicine, radiology, and critical care, and surgery,” ani Cabotage.